



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-34 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA- 6 NG PEBRERO, 2023 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.

MGA DUMALO:

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez ----- Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

MGA KAGAWAD

Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio	Igg. Christopher Aron C. Del Rosario
Igg. Jose Antonio V. Lava	Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Igg. Aron Ronald R. Cruz	Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan
Igg. Marbin J. Garcia	Igg. Richie E. San Jose
	Igg. Miguel Leonardo (SK)

HINDI NAKADALO:

Igg. Michael M. Ramos ----- Kagawad (ABC)

KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 43 - 2023

KAPASIYAHANG BAYAN NA NAGBIBIGAY NG PAGSANG-AYON NA LUMAGDA ANG PUNONG BAYAN, IGG. VERGEL C. MENESES SA KASUNDUAN NG PAGTUTULUNGAN SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULAKAN AT KABSESERA (SAMAHANG PANGKALINANGAN NG BULAKAN INC.) PARA SA PAGSASAGAWA NG PROYEKTONG “MAPANG KALINANGAN NG BULAKAN” BASE SA ISINUSULONG NG BATAS REPUBLIKA 10066 HIGIT SA KILALA BILANG PAMBANSANG BATAS SA PAMANA NG 2009

May Akda: Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.

SAPAGKAT, ang pamahalaang bayan ay may mandato buhat sa (c), *Section 22, Chapter 2 ng Local Government Code of 1991* na “*unless otherwise provided in this Code, no contract may be entered into by the local chief executive in behalf of the local government unit without prior authorization by the sanggunian concerned...*”;

SAPAGKAT, ang Tanggapan ng Punong Bayan ay nagsumite ng liham na may petsang Pebrero 10, 2023 hinggil sa nasabing paksa at unang binasa sa ika-33 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan na ginawa noong Pebrero 13, 2023 at itinukoy sa Lupon ng Tourism;

SAPAGKAT, sa ilalim ng Saligang-batas ng Republika ng Pilipinas, *Artikulo 14*, ang estado ay binigyan ng mandato na pangunahan ang pangangalaga at pagpapayaman sa kultura ng bansa sang-ayon sa diwa ng pagkakaisa;

SAPAGKAT, isinabatas ang Batas *Republika Blg. 10066* o ang *Pambansang Pamana ng 2009* (National Heritage Act of 2009) na nagtatadhana na ang bawat pamahalaang lokal ay nararapat na magsagawa ng “*mapang kalinangan*” na magsisilbing imbertaryo o katalogo ng kani-kanilang mayamang kultura sa layuning mapangalagaan, panatilihin at payabungin ang panlokal at pambangsang kalinangan;

SAPAGKAT, ang Kablesa o ang Samahan ng Pangkalinagan sa Bayan ng Bulakan Inc. na napapabilang sa isa sa mga *Accredited CSOs* (Civic Society Organization) ay nagpresenta sa Pamahalaang Bayan ng isang panukala na pangunahan ang proyekto na “*mapang kalinangan*” ng bayan ng Bulakan;

SAPAGKAT, ang Kablesa, katuwang ang Tanggapan ng Punongbayan at Pambayang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining at Kultura at Turismo ay mangunguna sa pagpapatupad at aako sa nasabing proyekto;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Bulakan ay susuporta sa mga pangangailangang pinansyal at lohistikal sa pagsasagawa ng proyekto sa pamamagitan ng *Office Order* sa mga Tanggapan ng Pamahalaang Bayan na makikilahok sa proyekto, pangangalap ng mahalagang saggunian sa pananaliksik na maaring hilingin ng Kablesa at pagtustos sa pangangailangang lohistikal, *technical* na pagsasanay, *fieldwork* at *publication* ng katalogo na may kabuuang halaga ng Isang Daang Libong Piso (Php 100,000.00);

SA MUNGKAHI, ni Igg. Aron Ronald R. Cruz na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;

IPINASIYA, Tulad Ng Dito’y Ginagawang Pagpapasiya Na Sang-Ayunan Ang Kapasiyahang Bayan Na Nagbibigay Ng Pagsang-Ayon Na Lumagda Ang Punong Bayan, Igg. Vergel C. Meneses Sa Kasunduan Ng Pagtutulungan Sa Pagitan Ng Pamahalaang Bayan Ng Bulakan At Kablesa (Samahang Pangkalinangan Ng Bulakan Inc.) Para Sa Pagsasagawa Ng Proyektong “Mapang Kalinangan Ng Bulakan” Base Sa Isinusulong Ng Batas Republika 10066 Higit Sa Kilala Bilang Pambansang Batas Sa Pamana Ng 2009


PINAGTIBAY.


Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.


JOSE CARLO S. PANTALEON
Nanunuparang Kalihim ng Sanggunian
(Temporary)

PINAGTIBAY:


AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO
Kagawad


ARON RONALD R. CRUZ
Kagawad



CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO
Kagawad



ATTY. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN
Kagawad



MICHAEL M. RAMOS
Kagawad (Ex-Officio-SK)


JOSE ANTONIO V. LAVA
Kagawad



MARBIN J. GARCIA
Kagawad


BIENVENIDO M. CRUZ JR.
Kagawad


RCHIE E. SAN JOSE
Kagawad


MIGUEL LEONARDO
Kagawad (Ex-Officio-SK)

PINAGTIBAY at NILAGDAAN:


ATTY. REINA RICA C. SANCHEZ
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

